Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-8 NG DISYEMBRE, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 266-T'99

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 143-T'99/ KAUTUSAN BLG. 01-T'99 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTO ANGEL SUR NA ITINUTUGMA ANG HALAGANG SIYAM NA LIBONG PISO (P9,000.00) MULA SA NATIRANG ALLOWANCE NG BARANGAY TANOD (P7,600.00) AT INSURANCE NG BARANGAY TANOD (P1,400.00) PARA SA KARAGDAGANG CASH GIFT NG MGA KASAPI NG SANGGUNIANG BARANGAY.

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 143-T'99/Kautusan Blg. 1-T'99 ng Sangggguniang Barangay ng Santo Angel Sur na naglalayong makapagtugma ng pondo ng nabanggit na barangay, ayon sa isinasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** ang naturang pagtutugma ng gugulin ay naaayon sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos;

**SAPAGKA'T,** ito ay dumaan na sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at inirekomendang pagtibayin ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi ng Sanguniang Bayan;

**SAPAGKA'T,** anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng mga laang gugulin ay kapananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, Edgardo T. Porca, Louie C. de Leon at Angelito U. Limjuco at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN :** Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 143-T'99/ Kautusan Blg. 01-T'99 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur na itinutugma ang halagang Siyam na Libong Piso (P9,000.00) mula sa natirang Allowance ng Barangay Tanod (P7,600.00) at Insurance ng Barangay Tanod (P1,400.00) para sa karagdagang cash gift ng mga kasapi ng Sangguniang Barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ng Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan